4

# Modelong Banghay Aralin sa GMRC

Kuwarter 3

Aralin 1

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Modelong Banghay Aralin sa GMRC 4**
**Kuwarter 3: Aralin 1 (Linggo 2)**
**TP 2024-2025**

Ang materyal na ito ay inilaan lamang para sa paggamit ng mga guro na kalahok sa implementasyon ng MATATAG K to 10 Curriculum sa taong panuruang 2024-2025. Layunin nito na tumulong sa paghahatid ng mga nilalaman, pamantayan, at mga kasanayang pampagkatuto ng kurikulum. Ang anumang hindi awtorisadong pagkopya, pamamahagi, pagbabago, o paggamit ng materyal na ito labas sa itinakdang saklaw ay mahigpit na ipinagbabawal at maaaring magresulta sa angkop na mga mga legal na hakbang at kaparusahan.

Ang mga akda na ginamit sa materyal na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahinulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga bumuo ng materyal ang karapatang-aring iyon.

**Mga Tagabuo**

**Manunulat:**
- Venicris M. Alonsozana (De La Salle University – Dasmarinas)
- Lily F. Apura (Silliman University)

**Tagasuri:**
- Liza T. Bacierra (Leyte Normal University)

**Mga Tagapamahala**

Philippine Normal University
Research Institute for Teacher Quality
SiMMER National Research Centre

Pinagsikapang tiyakin ang kawastuhan ng mga impormasyon na nasa materyal na ito. Para sa mga katanungan o puna, maaari pong sumulat o tumawag sa Tanggapang ng Direktor ng Bureau of Learning Resources sa pamamagitan ng pagtawag sa mga numero ng telepono (02) 8634-1072 at 8631-6922 o sa pamamagitan ng email sa blr.od@deped.gov.ph.

| **I. NILALAMAN NG KURIKULUM, PAMANTAYAN, AT MGA KASANAYAN SA ARALIN** | |
|---|---|
| **A. Mga Pamantayang Pangnilalaman** | Natututuhan ng mag-aaral ang pag-unawa sa pagtupad ng tungkulin ng pamilya sa kapuwa. |
| **B. Mga Pamantayan sa Pagganap** | Naisasagawa ng mag-aaral ang mga pansariling paraan sa pagtupad ng tungkulin ng pamilya sa kapuwa bilang tanda ng pagiging mapagmalasakit. |
| **C. Mga Kasanayan at Layuning Pampagkatuto** | **Naisasabuhay ang pagiging mapagmalasakit sa pamamagitan ng pakikiisa sa pamilya sa pagtugon sa pangangailangan ng kapuwa**<br><br>1. Nakapagsusuri ng mga tungkulin ng pamilya sa kapuwa (halimbawa: pagiging bukas-palad sa mga nangangailangan, pakikiramay sa panahon ng krisis, pagtuturo sa mga batang walang magulang o tagapangalaga).<br>2. Napatutunayan na ang pagtupad ng tungkulin ng pamilya sa kapuwa ay dapat gampanan bilang bahagi ng kanilang tungkulin na maglingkod sa kapuwa at mapabuti ang kanilang ugnayan.<br>3. Naisasakilos ang mga pansariling paraan sa pagtupad ng tungkulin ng pamilya sa kapuwa. |
| **D. Nilalaman** | Pagtupad ng Tungkulin ng Pamilya sa Kapuwa<br>3. Mga Pamamaraan ng Pagmamalasakit sa Kapuwa sa Ibat-ibang Kalagayan<br>4. Tungkulin ng pamilya sa kapuwa |
| **E. Lilinanging Pagpapahalaga** | Mapagmalasakit / *Compassion* |
| **F. Integrasyon** | Sosyolohikal na pananaw ng pamilya. |

| **II. BATAYANG SANGGUNIAN SA PAGKATUTO** |
|---|
| Crow, G. (2005). *Family sociology's paradoxes.* Retrieved on April 15, 2024 from https://www.researchgate.net/publication/228544935_Family_sociology's_paradoxes |

Massman, Chris (November 15, 2017). *How to Overcome Life's Obstacles with Compassion.* Retrieved on Dec. 23, 20123 from https://www.chrismassmanmft.com/news/2017/11/13/how-to-overcome-life-obstacles-with-compassion.

Preciousclamor (2021, June 2). *Sampung paraan ng pagpapakita ng pagmamalasakit sa kapwa.* Retrieved on December 19, 2023 from https://brainly.ph/question/663413.

Steinert, S. (2023). Sociology and Value. In: Interdisciplinary Value Theory. Palgrave Macmillan, Cham. https://doi.org/10.1007/978-3-031-10733-7_3

Villanueva, V.M. (2018). *#ABKD: Ako bibo kase dapat: alpabeto ng inobatibo at makabagong guro ng Araling Panlipunan, Edukasyon sa Pagpapakatao, at Filipino.* Makati: VMV Publishing House.

## III. MGA HAKBANG SA PAGTUTURO AT PAGKATUTO

**A. Pagkuha ng Dating Kaalaman**

**UNANG ARAW**

**MAIKLING BALIK-ARAL.** Lagyan ang tsart ng nakangiting mukha  kung ang sitwasyon ay naglalarawan ng mga paraan ng pagmamalasakit. Lagyan naman ng nakasimangot na mukha  kung ang sitwasyon ay kasalungat ang kahulugan sa malasakit.

| Mga Sitwasyon | Mga paraan ng pagmamalasakit | Kasalungat ang kahulugan sa malasakit |
|---|---|---|
| 1. Ayaw mandaya dahil masasaktan ang kalaro | | |
| 2. Hindi tinuloy ang *party* para magkapagbigay sa nasalanta ng bagyo | | |
| 3. Kaabalahan at kapaguran sa pagtulong | | |
| 4. Pag-aalala (sa kapuwa) | | |
| 5. Pagbabalewala (sa kapuwa) | | |

### MGA TALA sa GURO

**Mga tamang sagot:**
1. nakangiting mukha
2. nakangiting mukha
3. nakasimangot na mukha
4. nakangiting mukha
5. nakasimangot na mukha
6. nakangiting mukha
7. nakangiting mukha
8. nakasimangot na mukha
9. nakangiting mukha
10. nakasimangot na mukha

Iugnay ang nakaraang aralin noong isang linggo tungkol sa kahulugan at pagsasabuhay ng malasakit ng mga pamilyang Pilipino at mga hamon at tugon sa buhay ng pamilyang Pilipino sa bagong aralin ngayong linggo tungkol sa mga pamamaraan ng

<table>
<tr>
<td></td>
<td>
<table>
<tr><td>6. Pagbigay ng ipon para sa mga nasalanta ng bagyo</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>7. Pagbigay ng pagkain sa mahihirap</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>8. Pagkakaniya-kaniya</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>9. Pagtulong sa nangangailangan</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>10. Walang panahon para sa iba liban sa sarili</td><td></td><td></td></tr>
</table>
</td>
<td>pagmamalasakit sa kapuwa sa ibat-ibang kalagayan at ang tungkulin ng pamilya sa kapuwa na nagpapakita ng mapagmalasakit o compassion.</td>
</tr>
<tr>
<td>B. Paglalahad ng Layunin</td>
<td>PAGLINANG SA KAHALAGAHAN SA PAGKATUTO SA ARALIN<br><br>Panuto. Pinagninilay-nilayan sa Sosyolohiya ayon kay Crow (2005) ang implikasyon ng mga kabalintunaan upang maglahad ng mga pagtatalakay tungkol sa mga pagpapahalaga at relasyon nito sa pamilya. Basahin at kumpletuhin ang sumusunod na mga pangungusap ayon sa iyong sariling pag-unawa:<br>1. Ang pamilyang may pagkilos ay ______________________________<br>______________________________<br>2. Ang pamilyang may tungkulin ay ______________________________<br>______________________________<br>3. Ang pamilyang may pagmamalasakit ay ______________________________<br>______________________________<br>4. Ang pamilyang may pakikipag-kapuwa ______________________________<br>______________________________<br>5. Ang pamilyang may pagtupad ay ______________________________<br>______________________________<br>6. Ang pamilyang walang pagkilos ay ______________________________<br>______________________________<br>7. Ang pamilyang walang tungkulin ay ______________________________<br>______________________________<br>8. Ang pamilyang walang pagmamalasakit ay ______________________________<br>______________________________<br>9. Ang pamilyang walang pakikipag-kapuwa ______________________________</td>
<td>Lahat ay magbibilang mula isa hanggang lima pagkatapos ay ulitin ang pagbibilang (1-5) hanggang matapos sa huling mag-aaral. Sasagutin ang mga tanong ayon sa kanilang nabanggit na bilang:<br>1 – Tanong 1 at 6<br>2 – Tanong 2 at 7<br>3 – Tanong 3 at 8<br>4 – Tanong 4 at 9<br>5 – Tanong 5 at 10<br><br>Tumawag ng dalawang mag-aaral bawat bilang upang magbahagi ng sagot.<br><br>Huling sabihin ang layunin ng aralin, “ang kahalagahan ng mga pagkilos at pagtupad ng</td>
</tr>
</table>

| | | |
|---|---|---|
| | ________________________________<br>10. Ang pamilyang walang pagtupad ay ________________________<br>________________________________<br><br>**PAGHAWAN NG BOKABOLARYO SA NILALAMAN NG ARALIN**<br><br>**Isang Tanong Pinakamagandang Sagot.** Magbigay ng isang halimbawa ng kilos na nagpapakita ng pamamaraan ng pagmamalasakit sa kapuwa sa ibat-ibang kalagayan at ang tungkulin ng pamilya sa kapuwa na nagpapakita ng pagmamalasakit o *compassion*.<br><br>Sagot: ______________________________<br>______________________________<br>______________________________<br>______________________________<br><br>Pinakamagandang sagot ng klase (sagot ni________________):<br>______________________________<br>______________________________<br>______________________________<br>______________________________ | ating tungkulin (at ng pamilya) sa pagmamalasakit at pakikipag-kapuwa”.<br><br>Tumawag ng sampung mag-aaral upang magbahagi ng sagot. Itala ang sagot sa pisara at piliin ang pinakamagandang sagot ng buong klase sa pamamagitan ng botohan. Isulat ang pinakamagandang sagot sa pisara at ang pangalan ng nagbigay ng sagot sa sagutang papel. |
| **C. Paglinang at Pagpapalalim** | **IKALAWANG ARAW**<br>**KAUGNAY NA PAKSA 3. Mga Pamamaraan ng Pagmamalasakit sa Kapuwa sa Iba’t Ibang Kalagayan**<br><br>**PAGPROSESO NG PAG-UNAWA.**<br><br>Ang pamilya ay isang haligi ng lipunan. Sa lipunan, ang pamilyang Pilipino ay may mga pamamaraan ng pagmamalasakit sa kapuwa sa iba’t ibang kalagayan. Narito ang ilan sa mga maaaring harapin ng pamilyang Pilipino:<br><br>**Pagtutulungan at Pagkakaisa:** Isa sa mga hamon ay ang pagpapahalaga at pagtataguyod ng pagtutulungan at pagkakaisa sa loob ng pamilya. Mahalaga ang | **C. Paglinang at Pagpapalalim** |

bawat miyembro ng pamilya na makiisa at magtagumpay sa pamamagitan ng pagtutulungan.

**Pag-aaruga sa mga Nakatatanda:** Ang tradisyonal na kultura ng pag-aaruga sa mga nakatatanda sa pamilya ay isang mahalagang bahagi ng lipunan. Ang pangangailangan ng mga nakatatanda sa kalinga at atensiyon ay maaaring magdulot ng dagdag na responsibilidad para sa pamilya.

**Edukasyon ng mga Kabataan:** Ang pagbibigay ng tamang edukasyon sa mga anak ay isa sa mga pangunahing hamon. Kabilang dito ang pagsiguro ng mga magulang na may sapat na suporta para sa edukasyon at pag-unlad ng kanilang mga anak.

***Financial Management*:** Ang epekto ng ekonomiya sa pamilya ay maaaring maging hamon. Ang wastong pamamahala ng pinansiyal na yaman ng pamilya kasama na ang pagtitipid at pag-iwas sa utang~~,~~ ay mahalaga.

**Pagharap sa mga Suliranin:** Ang buhay ay hindi laging magiging madali at ang pamilya ay haharap sa iba't ibang mga suliranin. Ang kakayahan ng pamilya na magtagumpay sa harap ng mga pagsubok ay isang mahalagang bahagi ng pagtupad ng kanilang tungkulin sa isa't isa.

**Pagpapahalaga sa Tradisyon at Kultura:** Ang pagpapasa at pagpapahalaga sa mga tradisyon at kultura ng mga Pilipino ay maaaring maging hamon lalo na sa gitna ng modernisasyon at pagbabago.

**Pagtuturo ng mga Mahahalagang Halaga o *Values*:** Ang pagtuturo ng mga moral na prinsipyo at mahahalagang halaga sa mga anak ay isang mahalagang bahagi ng pagiging magulang. Ito ay naglalaman ng pagtuturo ng respeto, pagiging matulungin, at pagmamalasakit sa kapuwa.

Sa kabuoan, ang pagtupad ng mga pamilyang Pilipino sa kanilang tungkulin sa kapuwa ay nangangailangan ng pag-unawa, pagkakaisa, at patuloy na pag-unlad. Ito ay isang proseso ng pagsasakripisyo at pagmamahal para sa kabutihan ng bawat miyembro ng pamilya at ng buong komunidad.

| | | |
|---|---|---|
| | **Punan-Salita.** Ilagay ang mga salita sa wasto nitong pagkakasunod-sunod upang makabuo ng pangungusap na magpapakita ng mga halimbawa ng pagmamalasakit sa kapuwa. Isulat ang tamang sagot sa mga patlang.<br><br>1. Mga salita: kalsada matanda pagtulong<br><br>Pangungusap: Ang __________ sa isang __________ upang makatawid sa __________.<br><br>2. Mga salita: mahihirap makain pagtulong<br><br>Pangungusap: Ang __________ sa mga walang __________ tulad ng mga __________ at maralita.<br><br>3. Mga salita: kamag-aaral maunawaan pagtulong<br><br>Pangungusap: Ang __________ sa kapuwa __________ upang __________ ang takdang aralin.<br><br>4. Mga salita: kapuwa pagbabahagi talento<br><br>Pangungusap: Ang bukal na __________ ng sariling __________ sa __________.<br><br>5. Mga salita: magbigay makakaya nanghihingi<br><br>Pangungusap: Ang pagkukusang __________ ng abot sa __________ sa mga taong __________ ng tulong. | |

**PINATNUBAYANG PAGSASANAY**

**Pagbabahagi ng Sariling Pamamaraan:** Paano mo ipapakita ang pagmamalasakit sa kapuwa sa mga sumusunod na kalagayan?

| Mga Kalagayan | Pagmamalasakit na aking gagawin |
|---|---|
| Matanda na nahihirapang maglakad. | ______________________<br>______________________<br>______________________ |
| Batang gutom na nakahiga kalye. | ______________________<br>______________________<br>______________________ |
| Taong may mga kapansanan. | ______________________<br>______________________<br>______________________ |

| | |
|---|---|
| Taong nasalanta ng bagyo o anomang uri ng sakuna. | ____________________<br>____________________<br>____________________ |

**PAGLALAPAT AT PAG-UUGNAY**

**B.T.S. (Basa-Tanong-Sagot).** Basahin at suriin ang pahayag sa mga talata, sagutin ang mga gabay na tanong sa huli.

*Unang Talata. Ang pagtulong at pagmamalasakit sa kapuwa ay hindi dapat naghihintay ng kapalit dahil kusa mong loob na ginawa ito at bukal sa loob mo ang pag-aalay ng pagtulong sa iyong kapuwa. Kaya kapag ikaw ay nagmamalasakit at tumutulong sa isang tao, nararapat na huwag ng maghihintay pa ng anomang kapalit sapagkat sa ginawa mo pa lang na pagtulong, may kapalit na ang iyong ginawang kabutihan at ito ay ang kinalugdan at kinatuwaan ka ng Diyos.*

*Ikalawang Talata. Sa pamamagitan ng pagmamalasakit natin sa kapuwa dito mas mahuhubog at mapapaunlad ang ating pagkatao. Nangingibabaw ang paggawa natin ng kabutihan para sa ibang tao. Nahuhubog ang ating pagkatao sa pamamagitan ng pagpili ng paggawa ng tama para sa ating kapuwa.*

Gabay na mga tanong:

1. Pagkatapos basahin ang talata, ano anong mga salita o mga pinagsamang salita ang napakahalaga o makabuluhan para sa iyo?

____________________________________________________________
____________________________________________________________
____________________________________________________________
____________________________________________________________

2. Ano sa palagay ng pangkat ang gustong ipahayag ng talata? Pasimplehin ang talata sa isang pangungusap lamang.

______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________

**IKATLONG ARAW**

**KAUGNAY NA PAKSA 4. Tungkulin ng pamilya sa kapuwa**

**PAGPROSESO NG PAG-UNAWA.**

**Panuto.** Paano makakatulong ang sumusunod na mga pagpapahalaga sa tungkulin ng pamilya sa kapuwa? Magbigay ng isang halimbawa

| Tungkulin ng Pamilya sa Kapuwa… | Mga halimbawa |
|---|---|
| …sa pagiging Nasyonalismo (*Nationalism*) | ____________________ ____________________ |
| …sa Kalinisan (*Cleanliness*) | ____________________ ____________________ |
| …sa pagiging Mapagpakumbaba (*Humility*) | ____________________ ____________________ |
| …sa pagiging Magalang (*Respect*) | ____________________ ____________________ |
| …sa Pagtitipid (*Thrifty*) | ____________________ ____________________ |
| …bilang Mapagmalasakit (*Compassion*) | ____________________ ____________________ |

**PINATNUBAYANG PAGSASANAY**

**Pagtapat-tapatin.** Itapat ang mga pagpapahalaga sa ikalawang hanay sa tama nitong kahulugan sa unang hanay. Ilagay ang tamang sagot na titik sa patlang.

| Unang Hanay | Ikalawang Hanay |
|---|---|
| ____1. Ito'y manipestasyon ng pag-ibig sa bayan o bansa | a. Kalinisan |
| ____2. Ang hindi paggasta ng pera ng walang saysay. | b. Magalang |
| ____3. Isang magandang ugali na may maayos na pakikitungo lalo na sa mga matanda. | c. Mapagmalasakit |
| ____4. Hakbang upang matiyak ang malinis at malusog na mga kondisyon | d. Nasyonalismo |
| ____5. Nagpapakita ng tunay na pag-aalala sa kapakanan ng iba | e. Pagtitipid |

**PAGLALAPAT AT PAG-UUGNAY**

**Paglalarawan.** Sa isang *bond paper*, mag *drawing* o gumawa ng isang larawan na nagpapakita ng ano mang pamamaraan ng pagmamalasakit sa kapuwa sa ibat-ibang kalagayan o tungkulin ng pamilya sa kapuwa. Lagyan ng akmang pamagat ang iyong *drawing* o larawan. Gamitin ang nakapaloob na rubrik sa pagmamarka ng sagot.

_______________________
(Pamagat ng Larawan)

_______________________
(Iyong Pangalan)

Rubiks sa pagmamarka ng *drawing* o larawan:

| Marka | Basehan ng pagmamarka |
| --- | --- |
| 100 | Napakalinaw ang pamamaraan ng pagmamalasakit sa kapuwa sa ibat-ibang kalagayan o tungkulin ng pamilya sa kapuwa |
| 90 | Malinaw ang pamamaraan ng pagmamalasakit sa kapuwa sa ibat-ibang kalagayan o tungkulin ng pamilya sa kapuwa |
| 80 | Mayroong pamamaraan ng pagmamalasakit sa kapuwa sa ibat-ibang kalagayan o tungkulin ng pamilya sa kapuwa |
| 70 | Hindi malinaw ang pamamaraan ng pagmamalasakit sa kapuwa sa ibat-ibang kalagayan o tungkulin ng pamilya sa kapuwa |
| 60 | Walang pamamaraan ng pagmamalasakit sa kapuwa sa ibat-ibang kalagayan o tungkulin ng pamilya sa kapuwa |

**D. Paglalahat**

**IKAAPAT NA ARAW**

**PABAONG PAGKATUTO**

**Tama-Mali-Dahilan (T.M.D).** Sabihin ang “Tama” kung ikaw ay sumasang-ayon o “Mali” kung hindi sumasang-ayon kung ang sumusunod ay mga pamamaraan ng pagmamalasakit sa kapuwa sa ibat-ibang kalagayan o tungkulin ng pamilya sa kapuwa. Isulat ang “Dahilan” kung bakit ito ang iyong sagot.

| Mga kilos na nagpapakita ng mga pamamaraan ng pagmamalasakit sa kapuwa sa ibat-ibang kalagayan o tungkulin ng pamilya sa kapuwa | Lagyan ng “tsek” | | DAHILAN |
| --- | --- | --- | --- |
| | TAMA | MALI | |

Ang Pabaong Pagkatuto at Pagninilay sa Pagkatuto ay parehong gawaing indibidwal. Bigyan ang klase ng 15 minuto para sumagot.

Maaaring tumawag ng ilang mag-aaral para magbahagi ng kanilang sagot para sa talakayan ng aralin bago ang huling pagsusulit.

| | | | |
|---|---|---|---|
| 1. Ang pamilya ay nagtitipid at nag-iipon upang may magamit sila, at ang kanilang kapuwa, sa oras ng pangangailangan | | | |
| 2. Hindi pagmamalasakit ang pagtulong sa mga nag-iibang bansa upang maghanap buhay. | | | |
| 3. "Tapat ko, Linis ko" ang sabi ng karatula. Ito ay halimbawa ng pagiging matapat sa kapuwa. | | | |
| 4. Ang maayos na pakikitungo lalo na sa mga matanda ay isang tanda ng pagmamalasakit. | | | |
| 5. Naaksidente ang kamag-aral mo na nag-*bully* sa iyo. Hindi dapat pagmalasakitan ang ganitong tao. | | | |

**PAGNINILAY SA PAGKATUTO**

**Balik-Tanaw sa Kabutihang Asal at Wastong Pag-uugali.** Magnilay at sagutin ang mga sumusunod.

| | | |
|---|---|---|
| | Bilang mag-aaral na may Kabutihang Asal (ikaw iyon), ano pang Kabutihang Asal ang iyong natutuhan sa Araling ito?<br>________________________________________<br>________________________________________<br>________________________________________<br><br>Anong pag-uugali ang ginagawa mo ngayon na dapat mong iwasto kaugnay sa iyong natutuhan na Kabutihang Asal sa aralin?<br>________________________________________<br>________________________________________<br>________________________________________ | |

| **IV. EBALWAYSON NG PAGKATUTO: PAGTATAYA AT PAGNINILAY** | | **MGA TALA sa GURO** |
|---|---|---|
| **A. Pagtataya** | **PAGSUSULIT/EBALWASYON.**<br><br>**Payo Ko Kaibigan Ko.** Anong magandang payo ang sasabihin ng iyong pamilya, o ikaw mismo, sa matalik mong kaibigan o ang kaniyang pamilya kapag nakikita mong ganito ang sitwasyon nila? Mamarkahan ang sagot ayon sa nakapaloob na rubriks. | |

| Sitwasyon ng matalik mong kaibigan at ng kaniyang pamilya | Ang Payo ko, o payo ng aking pamilya ay: |
|---|---|
| Nagpapakita ng malasakit sa kapuwa | ____________________<br>____________________ |
| Hindi nakapagdala ng baon para sa recess | ____________________<br>____________________ |
| Tumutulong sa barangay, paaralan at simbahan | ____________________<br>____________________ |
| Nakalimutan gumawa ng gawaing pantahanan. | ____________________<br>____________________ |

| | |
|---|---|
| Nagbibigay oras sa mga nagangailangan na kapitbahay. | __________________________________<br>__________________________________ |

Rubriks sa pagmamarka:

| Marka | Basehan ng pagmamarka |
|---|---|
| 100 | Napakalinaw ang payo ng pagmamalasakit sa kapuwa sa ibat-ibang kalagayan o tungkulin ng pamilya sa kapuwa |
| 90 | Malinaw ang payo ng pagmamalasakit sa kapuwa sa ibat-ibang kalagayan o tungkulin ng pamilya sa kapuwa |
| 80 | Mayroong payo ng pagmamalasakit sa kapuwa sa ibat-ibang kalagayan o tungkulin ng pamilya sa kapuwa |
| 70 | Hindi malinaw ang payo ng pagmamalasakit sa kapuwa sa ibat-ibang kalagayan o tungkulin ng pamilya sa kapuwa |
| 60 | Walang payo ng pagmamalasakit sa kapuwa sa ibat-ibang kalagayan o tungkulin ng pamilya sa kapuwa |

**GAWAING PANTAHANAN/TAKDANG-ARALIN**

***J.S.From (Journal-Survey from Friday-Thursday).*** Bago matulog araw araw sa susunod na buong linggo ay matapat na sagutin ang pansariling pagtataya ng kagandahang asal na gagawin sa mga susunod na araw.

| Nagpakita ba ang aking pamilya, o ako mismo, ng isang pamamaraan ng pagmamalasakit sa kapuwa sa araw na ito? | Lagyan ng TSEK (√) ang sagot | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | Fri | Mon | Tues | Wed | Thurs |
| OO | | | | | |
| HINDI | | | | | |

| May naipon ba akong pera mula sa aking baon sa araw na ito? | Fri | Mon | Tues | Wed | Thurs |
|---|---|---|---|---|---|
| Isulat kung magkano ang naipon bawat araw. | | | | | |

Magsisimula ang tala sa Biyernes kung kailan natapos ang aralin. Walang takdang aralin sa Sabado at Linggo at itutuloy ito sa Lunes hanggang Huwebes lamang para sa susunod na bagong takdang aralin tuwing Biyernes.

Ang pagtala ng naipon ay may kaugnayan sa susunod na aralin ng kuwarter tungkol sa pagtitipid at pag-iimpok para makatulong sa kapuwa.

| **B. Pagbuo ng Anotasyon** | **Itala ang naobserhan sa pagtuturo sa alinmang sumusunod na bahagi.** | **Epektibong Pamamaraan** | **Problemang Naranasan at Iba pang Usapin** | Ang bahaging ito ay oportunidad ng guro na maitala ang mga mahalagang obserbasyon kaugnay |
|---|---|---|---|---|

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | ***Estratehiya*** | | | ng naging pagtuturo. Dito idodokumento ang naging karanasan mula sa namasdang ginamit na estratehiya, kagamitang panturo, pakikisangkot ng mga mag-aaral, at iba pa. maaaring tala rin ang bahaging ito sa dapat maisagawa o maipagpatuloy sa susunod na pagtuturo. |
| | ***Kagamitan*** | | | |
| | ***Pakikilahok*** | | | |
| | ***At iba pa*** | | | |
| **C. Pagninilay** | *Gabay sa Pagninilay:*<br>▪ ***<u>Prinsipyo sa pagtuturo</u>***<br>*Anong prinsipyo at paniniwala ang naging bahagi ng ginawa sa aralin?*<br>*Bakit dapat ituro ang aralin sa paraang aking ginawa?*<br>▪ ***<u>Mag-aaral</u>***<br>*Anong gampanin ng mga mag-aaral sa aralin?*<br>*Ano at paano natuto ang mga mag-aaral?*<br>▪ ***<u>Pagtanaw sa Inaasahan</u>***<br>*Ano ang aking nagawang kakaiba?*<br>*Ano ang maaari ko pang gawin sa susunod?* | | | Ang bahaging ito ay patnubay sa guro para sa pagninilay. Ang mga maitatala sa bahaging ito ay input para sa gawain sa LAC na maaaring maging sentro ang pagbabahagi ng mga magagandang gawain, pagtalakay sa mga naging isyu at problema sa pagtuturo, at ang inaasahang mga hamon. Ang mga gabay na tanong ay maaring mailagay sa bahaging ito. |